# BANGKAY NI FORTUN

Ronel Osias

# ANG BABAYLAN

Nasa bibig niya ang lahat ng bulong.
Umihip siya sa hangin, at biglang naglalakad
Ang bangkay sa kaniyang harapan tungo
Sa lahat ng tugong kaniyang hinahanap.
Ito ang ito. Nagsusumbong ang mga bitak
Ng buto. Lumuluha silang siya ang unang
Nakakakita. Magdarasal siya sa mga anito
upang kalubdan ng gaan ang kaniyang
kamay sa pagsasalansan ng bawat
napugtong mga anino. Sa buong isla,
Nasa himig ng kaniyang daliri ang lahat
Ng hindi mapangalanang dahilan. Kahapon,
Sumilip sa pagitan ng mga pangitain ang bala,
At nakatingin sa kaniya ang lahat
Ng hiwaga.

# ARKEOLOHIYA NG KABIHASNANG TOKHANG

*"Pangatlong bala sa katawan ni Kian delos Santos,*
*nadiskubre sa panibagong autopsy."*
**-GMA NEWS**

Natatabunan ng salimuot. Katawan ang hinuhukay.
Naging lunsaran ng pagtuklas ang kalupaang ito. Pagluluksa
Ang bawat pag-ahon sa rabaw ng mga relikya matapos
Ang maingat na paghagod ng brutsa. Lalong iginigiit
Ng mga materyales mula sa dibdib ng daigdig ang kalunos-lunos
Na sinapit ng sibilisasyong nasa bingit ng pagkabunyag.
Baka sadyang nililimot o isang emperador ang ipinahablit ang lahat
Ng nagtatala, at ipinahahalik sa maso ang mga luad na
nakaukit ang kaniyang panahon o patuloy na inililibing
Ng kaniyang mga disipulo mula sa nakaraan upang
Pigilan ang tiyak na hinaharap. Sa kabilang banda,
Anomang pagpapatikom ay bungangang nakanganga
Ang mga ukang inihihilera ang memorabilya
Ng Kabihasnang Tokhang. Hanggang kailan
Kailangan hukayin ang lupa? Bawat dagdag na lalim
Ay labí, bala, at huwad na Babilonya. Walang
Gintong kasaysayan, pawang lagim na kumukumot
Sa gawa-gawang siyudad ng pag-unlad, prehistorikong
Talang nagsasabing ligtas ang mabuhay sa nakamamatay
Na emperyo. Ngunit hindi nagsisinungaling, hindi man
Nakapagsasalita, ang mga punglo sa tadyang ng bata.

# MANNY ASUNCION

Mabuti na lamang at nabilang mo
Ang mga bituin sa aking katawan.
Isang bugso silang binitawan
Ng kadiliman. Naitala mo bang
Kahindik-hindik na magkakalapit
Ang mga ito? Sabihin mo sa kanila,
Sa mga anito, na linggo nang dumanak
Ang kislap sa aking mga mata. Alam ko,
Nakita ng sinisinta nang isaboy ng wala
Ang mga talà. Naglaho sila,
Naiwan ako, kami, sa pagitan
Ng mga katawan, at kalawakan.

# ISANG BANGKAY SA WALANG HANGGANG PAGSISIYASAT

Republic of the Philippines
Department of the Interior and Local Government
NATIONAL POLICE COMMISSION
PHILIPPINE NATIONAL POLICE

MEMORANDUM

FOR : Director, PNP Crime Laboratory

FROM : Walang tala

SUBJECT : Request for Autopsy Examination

DATE : Walang tala

1. Request conducts medico-legal (autopsy) examination on the accompanying specimen to determine the cause of death.

a) NATURE OF CASE : Wala pang tala

b) VICTIM : Isa sa maraming iba pa.

c) SUSPECT : Hindi maaaring itala

d) T D P O : Walang nakaaalam

e) SPECIMEN SUBMITTED : Walang tala

2. Further request that this Office be furnished a copy of medico-legal examination result for our reference.

3. For consideration.

(CHIEF OF OFFICE)

# HANGAL

*"Btw dinalaw na ako sa ofc ng Navotas police for Jemboy's autopsy, at Caloocan police for Kian's bullet."* **- Dr. Fortun**

Hangal ang sumisilip
Sa Diyos habang lumilikha
Ng katotohanan.

Sapagkat nalulusaw
Sa liwanag ng kaniyang pagtatakda
Ang makasalanang balak.

Hangal dahil hangal,
At gimbal ang maaaring masilayan
Sa likod ng tabing,

Sapagkat maaaring ikumot
Sa malamig na umaga
Ang matatabig ng ulirat.

O 'di kaya'y para unahan
Ang Lumikha na lumikha
Ng ibang bersyon ng nakatakda.

**POETIKA**

Sa gitna ng mga banta, matapang na nagagawa ni Dr. Raquel Fortun ang pagsisiwalat nang tunay na dahilan ng kamatayan ng mga ilang biktima ng "Giyera Kontra Droga" ni Rodrigo Duterte. Lumalantad sa kaniyang pagsisiyasat sa mga labí ang wala sa mga dokumentong inilalabas ng awtoridad. Siya lamang ang natatanging pathologist na nagsusuri sa mga ganitong kaso sa ating bansa, kaya naman hindi maikakailang nasa kaniya ang atensyon ng mga kapulisan sa tuwing darating na sa kaniyang mga kamay ang pagkakataong tingnan ang mga bankay.

Pagtatangka ang koleksyong ito sa mga danas ni Fortun, hindi na masasabing tagpo ng mga biktima, at ang mga dagdag na bigat sa bawat pagtuklas. Binubuo sa tula ang mga alaala ng nawala, gayundin, magsilbing ugong sa mga tinig na naikulong sa dibdib na api.

/Nasa bibig niya ang lahat ng bulong/ bilang pambungad na linya sa "Ang Babaylan." Sa matandang panahon ng ating bansa, itinuturing ang babaylan bilang pinakamahalagang taong pumapel sa pakikipag-ugnayan sa mga diyos, at kaluluwa. Samakatuwid, siya ang unang nakaaalam ng nais sabihin ng mga ito na maaaring makabasag sa umiiral na gawa-gawang katotohanan.

Sa isang pagkakataon din, naging viral ang paskil ni Fortun hinggil sa pagdalaw sa kaniya ng kapulisan habang isinasagawa ang pagtingin sa katawan ni Jemboy Baltazar at Kian Delos Santos.

*O di kaya'y para unahan*
*Ang Lumikha na lumikha*
*Ng ibang bersyon ng nakatakda*.

Malinaw itong intimidasyon, upang pigilan ang anomang liwanag na matutuklasan.

Nang matapos ko ang mga tula, naihatid ako nito sa paglalagom na lubhang nakalulungkot ang paglalakbay na kailangang danaan ng katawan ng mga biktima, upang maihanay sa katotohanan ang kanilang pagkamatay. Paano kung walang isang katulad ni Doc ang gugugol ng panahon para hukayin ang katotohan?

Mananatiling */ito ang ito/.* Ang laging paghahanap ng iba pa bukod sa mga nasabi na ay indikasyong walang mapagkakatiwalaan, kahit pa ang dapat sanang pinagkakatiwalaan.

*...Ngunit hindi nagsisinungaling, hindi man*
*Nakapagsasalita, ang mga punglo sa tadyang ng bata.*

Para ito sa lahat ng biktima ng hindi mapangalanang dahilan.